# Pag-uwi

*Mabel D. Buen, MAEd, LPT*
*Assistant Professor I, Sorsogon State University, Sorsogon City, 4700*
*Corresponding email: duka.mabel@sorsu.edu.ph*

Noong umuwi si Papa,
dala ang mangga’t ilang de lata,
parang may piging sa mesa ng pamilya—
'di pansin ang alat ng isda ni ang asim ng mangga,
dahil sa kwentuhang nakakabusog talaga.

Noong umuwi si Papa,
maagang-maaga, nakapomada,
anniversary pala nila ni Mama.
Namitas siya ng rosas na pula—
may kalakip pang love letter na gawa sa alaala.

Noong umuwi si Papa,
birthday ng anak niyang dalaga,
may dalang cake kahit sahod ay kulang pa.
Ang tira’y pambayad sa utang nila—
pero masaya pa rin ang mesa.

Kaso...

Noong hindi na umuwi si Papa,
matabang na ang de lata’t mangga,
natuyo na ang rosas ni Mama,
at wala nang naghahanda
ng cake para sa dalaga.

Noong hindi na umuwi si Papa,

rinig pa rin ang tawa niya—

buhay siya sa bawat kwento't alaala.

Sana, sa alon ng pag-asa,

nakauwi na si Papa.

***ARTICLE DETAILS***

*LS-000014; Received: August 27, 2025; Accepted: August 29, 2025; Published: August 31, 2025*

***CITATION:***

*Buen, Mabel D. (2025). Pag-uwi. Literature and Society: Stories and Poetry. DOI: 10.64591/45jvrm86*

***COPYRIGHT***

*Copyright © 2025 by author(s). Literature and Society: Stories and Poetry is published by Harness Mind Publishing. This is an Open Access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution License (https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/), allowing redistribution and reproduction in any format or medium, provided the original work is cited or recognized.*